# SI MA'AM AT SIR

*by:*
**Catherine C. Pontanoza**
*Pablo Roman Elementary School*

Kami sina Ma'am at Sir,

mahigit sampung taon na sa pagtuturo,

marami-rami na rin ang aming minahal at napatuto.

Hindi lamang mga leksyon na pangkaalaman,

kundi mga ugaling kanilang kailangan.

Bagamat hindi lingid sa mga musmos nilang isipan,

pinapanday ang kanilang puso at mga isipan.

Kami sina Ma'am at Sir,

Kaagapay ng mga mag-aaral,

Sa kanilang pagpapagal.

Aming inilalaan mga puso at isipan,

upang sila ay paglingkuran.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kami sina Ma'am at Sir,

takbuhan nila sa tuwing may agam-agam.

Hindi man pinakamahusay sa agham,

handing ibahagi ang lahat ng alam.

Kalungkutan at pagod may dumayo,

pipiliin pa ring maging isang guro.

Upang tuparin sinumpaang pangako.

*References:*

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan